
2

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagguhit at Pagpinta



CO_Q2_Arts 2_Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagguhit at Pagpinta**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Bryan S. De Jesus, Louie Jim P. Bugay |
| **Editor:** | Rubilita L. San Pedro |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nancy P. Mabalot, Ryan S. Biando |
| **Tagasuri ng Wika:** | Jocelyn M. Mateo, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri ng Disenyo at Balangkas:** | Glehn Mark A. Jarlego |
| **Tagaguhit:** | Louie Jim P. Bugay |
| **Tagalapat:** | Bryan S. De Jesus |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Salome P. Manuel, Rubilita L. San Pedro, Melvin S. Lazaro |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando, (P)
Telefax: (045) 598-8580
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagguhit at Pagpinta

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang wastong mga linya, hugis, at kulay ay mahalagang magamit sa paglikha ng isang larawan.

Mas magiging kaaya-aya ang ating likhang sining kung makokontrol natin ang mga kagamitan sa pagpipinta tulad ng lapis at krayola o **watercolor.**

Ang modyul na ito ay tumutukoy sa "Pagguhit at Pagpinta".

Ano-ano kaya ang mga tamang linya, hugis, at kulay ang dapat nating malaman upang gumanda ang ating likha?

Pagkatapos mong maisagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang makagamit ng kontrol sa mga kagamitan sa pagpipinta upang makaguhit ng iba't ibang linya, hugis at kulay sa isang gawain o pangkatang gawain (A2PR-IIg-1).

## *Subukin*

Ang ating kapaligiran ay isang halimbawa ng sining. Mayroon itong mga linya at hugis. May taglay rin itong iba't ibang kulay na nakahahalina sa ating paningin.

**Panuto:** Tumingin sa iyong paligid, iguhit ang isa sa mga bagay na nakikita at lagyan ito ng kulay gamit ang krayola o watercolor. Gawin ito sa isang papel.


# Aralin 1 Pagguhit at Pagpinta

Maipakikita natin ang wastong pagkontrol ng mga kagamitan sa pagpipinta. Ito ay sa pamamagitan ng nipis at kapal ng mga linya at hugis, pusyaw, at tingkad ng mga kulay ng nagawang likhang sining.

Halina at ating alamin ang mga sining na may iba't ibang linya, hugis, at kulay!

# *Balikan*

**Panuto:** Pagmasdan ang mga hugis sa ibaba. Sagutin ang mga sumusunod na tanong at isulat ang sagot sa isang papel.



1. Ano-anong linya ang ginamit sa larawan?
2. Anong mga hugis ang iyong nakikita?
3. Ano ang kulay ng linya ng bawat hugis?


*Mga Tala para sa Guro*

Kailangang masiguro na mayroong lapis at papel na magagamit ang mag-aaral sa pagsasagot sa mga gawaing nakapaloob sa modyul na ito. Tiyakin din na mayroon siyang magagamit na krayola o watercolor para sa pagkukulay ng larawan na iguguhit.

## Tuklasin


### Si Brenda na Mahilig Magpinta

Ni Bryan S. De Jesus



Si Brenda ay nag-aaral sa Mababang Paaralan ng Cardenas. Masipag siyang bata. Hindi niya pinababayaan ang kaniyang pag-aaral dahil gusto niyang maging isang arkitekto balang araw at makatulong sa kaniyang mga magulang.


Apat na taong gulang pa lamang nang makitaan siya ng husay sa pagguhit ng mga linya at hugis tulad ng bilog, parihaba, parisukat at tatsulok, gayundin sa pagkulay ng iba't ibang bagay at hayop.



Nasa ikalawang baitang na ngayon si Brenda. Palagi siyang sabik na sabik sa kaniyang pagpasok sa paaralan. Tuwing siya ay naglalakad patungo sa paaralan, lagi niyang hawak ang lapis at krayola upang gumuhit.

Nagpipinta siya ng mga bagay na kaniyang nakikita sa paligid tulad ng puno, ibon, paruparo, bulaklak at marami pang iba. Makikita sa kaniya ang labis na pagmamahal sa kapaligiran.

Sa paaralan naman ay ipinamamalas din niya ang kaniyang galing sa paglikha ng sining.  Palagi siyang nakakukuha ng markang "**Very Good**" tuwing may ipagagawa ang kaniyang guro sa asignaturang Arts.



“Isa kang mahusay na bata Brenda! Ipagpatuloy mo lang ang iyong talento para maabot mo ang iyong pangarap,” sambit ng kaniyang guro. Nakangiti naman siya habang nakikinig sa guro.

Tuwing siya naman ay nasa bahay, pagkatapos niyang tumulong sa mga gawain ay hilig naman niyang ipinta ang mukha ng kaniyang mga magulang. Sa tuwa ng kaniyang mga magulang ay ibinili siya ng iba pang gamit sa pagpipinta tulad ng watercolor upang higit pang gumanda ang gawa niya. Sa murang edad ni Brenda ay nalaman na niya ang kahalagahan ng linya, hugis, at kulay sa isang sining.



Dahil na rin sa madalas niyang pagguhit ay higit niyang natutunan ang pagkontrol sa mga kagamitan sa pagpipinta. Ito ang naging daan para makakuha siya ng maraming karangalan sa kanilang paaralan.

Sa bawat linya mayroong gaan, diin, kitid at lapad na makabubuo ng iba’t ibang hugis. Sa kulay naman ay may matingkad at mapusyaw. Ito ang mga bagay na tumatak sa isipan ni Brenda sa paglikha ng sining.

## Pang-unawa sa Binasa

**Panuto:** Sa isang papel, sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Sino ang bata sa kuwento?
2. Ano ang kaniyang hilig o talento?
3. Anong mga kagamitan ang ginamit niya sa pagpipinta?
4. Ano-anong bagay sa kapaligiran ang kaniyang ipininta?
5. Bakit naging mahusay siya sa paglikha ng isang sining?

## *Suriin*

Sa paggamit ng kontrol sa pagguhit at pagpinta dapat isaalang-alang ang mga sumusunod:


- Magiging maganda ang isang sining kung magagamit nang wasto ang mga kagamitan sa pagguhit at pagpinta tulad ng lapis at krayola o watercolor.
- May mga linyang patayo, pahalang, paalon-alon at paikot-ikot na dapat lagyan ng nipis at kapal.
- Sa pagguhit ng mga linya ay makagagawa naman ng mga hugis tulad ng bilog, tatsulok, parisukat, parihaba, puso at iba pa.
- Sa pagkulay naman, dapat gumamit ng matingkad at mapusyaw na kulay.

# Pagyamanin


## Pinatnubayang Gawain 1

**Panuto:** Sa isang papel, pagdugtungin ang mga putol-putol na linya upang makabuo ng larawan. Gumamit ng manipis na linya sa letrang A at makapal na linya naman sa letrang B. Kulayan ng mapusyaw ang nabuo sa letrang A at matingkad naman sa letrang B.

A.



B.




## Tasahin 1

**Panuto:** Isulat ang bilang 1 hanggang 5 sa isang papel. Sa bawat bilang, iguhit ang masayang mukha (☺) kung oo ang sagot sa mga tanong at malungkot na mukha (☹) naman kung hindi.

1. Nakabuo ba ako ng larawan gamit ang pinagdugtong-dugtong na mga linya?
2. Nagamit ko ba ang linyang manipis at makapal?
3. Naipakita ko ba ang matingkad at mapusyaw na kulay sa aking likhang sining?
4. Nakagamit ba ako nang tamang pagkontrol sa mga kagamitan sa pagpipinta?
5. Nakaramdam ba ako ng pagmamalaki sa aking nagawang sining?

## Pinatnubayang Gawain 2

**Panuto:** Sa isang papel, gumuhit ng hugis bilog. Pagkatapos, gayahin at isaayos ang mga linya at hugis na iyong makikita mula sa loob ng kahon upang makabuo ng isang mukha. Gamitin lamang ang eksaktong bilang ng linya at hugis ng mga ito at kulayan nang may pusyaw at tingkad.




## Tasahin 2


**Panuto:** Sa isang papel, isulat ang bilang 1 hanggang 5. Sa bawat bilang, iguhit ang hugis parisukat (□) kung naisagawa ang mga tanong at hugis tatsulok (△) naman kung hindi.

1. Nakaguhit ba ako ng larawan ng mukha?
2. Nagamit ko ba ang eksaktong mga linya at hugis na nasa larawan?
3. Naipakita ko ba ang mapusyaw na kulay?
4. Naipakita ko ba ang matingkad na kulay?
5. Nagamit ko ba ang pagkontrol sa mga kagamitan sa pagpipinta?


## Malayang Pagsasanay 1

**Panuto:** Sa isang papel, iguhit muli ang balangkas ng sasakyan na gawa sa mga linya at hugis na makikita sa kahon A. Sa pamamagitan ng krayola, lagyan ito ng disenyo gamit ang iba't ibang linya na may mapusyaw at matingkad na kulay na makikita naman sa kahon B.

Kahon A



Kahon B



## Tasahin 1

**Panuto:** Sa isang papel, sumulat ng bilang 1 hanggang 5. Sa bawat bilang, iguhit ang hugis puso (♡) kung oo ang sagot sa mga sumusunod na tanong at hugis bilog (◯) naman kung hindi.

1. Nakagawa ba ako ng balangkas ng sasakyan?
2. Nalagyan ko ba ito ng disenyo gamit ang iba't ibang linya?
3. Naipakita ko ba ang mapusyaw na kulay?
4. Naipakita ko ba ang matingkad na kulay?
5. Nagamit ko ba ang pagkontrol sa mga kagamitan sa pagpipinta?

## Isaisip

**Panuto:** Sa isang papel, punan ang mga sumusunod na patlang upang mabuo ang talata.

Magiging maganda ang isang sining kung makokontrol natin nang tama ang mga kagamitan sa pagpipinta tulad ng 1.__________at 2.__________. May mga linyang patayo, pahalang, paalon-alon at paikot-ikot na dapat lagyan ng nipis at 3.__________. Sa pagkukulay naman, dapat mayroon itong 4.__________ at 5.__________ na kulay.

## Isagawa

**Panuto:** Sa isang papel, gumuhit ng dalawang saranggola. Gumamit ng manipis na linya at kulayan ng mapusyaw ang unang saranggola. Sa pangalawang saranggola naman, gumamit ng makapal na linya at kulayan ito ng matingkad na kulay.

## Tayahin

**Panuto:** Sa isang papel, gumuhit ng isang magandang tanawin na binubuo ng iba't ibang linya at hugis na may gaan, diin, kitid at lapad. Pagkatapos, kulayan ito ng may pusyaw at tingkad gamit ang krayola o watercolor.

# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Piliin mula sa loob ng kahon sa ibaba ang tinutukoy ng bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa isang papel.

1. Ito ay mga linyang malapad at mabigat tingnan.
2. Ito ay tumutukoy sa maliwanag at magaan na kulay.
3. Ito ay ginagamit sa pagguhit at pagpinta para makalikha ng isang sining.
4. Ito ay tumutukoy sa dilim at kapal ng isang kulay.
5. Ito ay ang mga linyang maliit at magaan.

| | |
|---|---|
| matingkad | lapis at krayola |
| manipis | parisukat |
| mapusyaw | makapal |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

| Rubrik sa Pagmamarka | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Nakagawa ng isang sining. Natapos ito ng may iba't ibang linya, hugis at kulay. Naipakita ang tamang pagkontrol ng mga kagamitan sa pagpipinta. | Nakagawa ng isang sining. Nagamit ang angkop na mga linya, hugis at nalagyan ito ng kulay. | Nakagawa ng isang sining at naipakita ang iba't ibang linya at hugis ngunit hindi ito nakulayan. | Nakapagsimu-lang gumawa ng sining ngunit iilan lamang ang naipakitang linya at hugis. | Nakapagsimu-lang gumawa ng sining. Hindi natapos at hindi nakitaan ng angkop na linya, hugis at kulay. |

**Balikan**

1. Ang mga linyang ginamit sa larawan ay patayo, pahalang at pakurba.
2. Ang mga hugis ay parisukat at bilog.
3. Ang kulay ng mga hugis ay asul at pula.

**Tuklasin**

**Pang-unawa sa Binasa**

1. Si Brenda ang bata sa kuwento.
2. Siya ay mahilig magpinta.
3. Ang mga kagamitang gamit niya sa pagpipinta ay lapis at krayola o watercolor.
4. Ang mga bagay sa kapaligiran na kaniyang ipininta ay tulad ng puno, ibon, paruparo, bulaklak at marami pang iba.
5. Naging mahusay siya sa paglikha ng isang sining dahil natutunan niya ang tamang pagkontrol sa mga kagamitan sa pagguhit at pagpinta.

**Pinatnubayang Gawain 1**

**Tasahin 1**

1. ☺ 2. ☺ 3. ☺ 4. ☺ 5. ☺

**Pinatnubayang Gawain 2**

**Tasahin 2**

1. □ 2. □ 3. □ 4. □ 5. □

**Malayang Pagsasanay 1**

**Tasahin 1**

1. ♡ 2. ♡ 3. ♡ 4. ♡ 5. ♡

**Isaisip**

1. lapis 2. krayola o watercolor 3. kapal

4. mapusyaw 5. matingkad

Isagawa

| Rubrik sa Pagmamarka | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Nakagawa ng isang sining. Natapos ito ng may iba't ibang linya, hugis at kulay. Naipakita ang tamang pagkontrol ng mga kagamitan sa pagpipinta. | Nakagawa ng isang sining. Nagamit ang angkop na mga linya, hugis at nalagyan ito ng kulay. | Nakagawa ng isang sining at naipakita ang iba't ibang linya at hugis ngunit hindi ito nakulayan. | Nakapagsimu-lang gumawa ng sining ngunit iilan lamang ang naipakitang linya at hugis. | Nakapagsimu-lang gumawa ng sining. Hindi natapos at hindi nakitaan ng angkop na linya, hugis at kulay. |

Tayahhin

| Rubrik sa Pagmamarka | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Nakagawa ng isang sining. Natapos ito ng may iba't ibang linya, hugis at kulay. Naipakita ang tamang pagkontrol ng mga kagamitan sa pagpipinta. | Nakagawa ng isang sining. Nagamit ang angkop na mga linya, hugis at nalagyan ito ng kulay. | Nakagawa ng isang sining at naipakita ang iba't ibang linya at hugis ngunit hindi ito nakulayan. | Nakapagsimu-lang gumawa ng sining ngunit iilan lamang ang naipakitang linya at hugis. | Nakapagsimu-lang gumawa ng sining. Hindi natapos at hindi nakitaan ng angkop na linya, hugis at kulay. |

Karagdagang Gawain

1. makapal
2. mapusyaw
3. lapis/krayola
4. matingkad
5. manipis

# *Sanggunian*

Catacutan, Marco A. , Igot, K.E. I., Pabilonan, F. P., and Ramilo R.V. 2013. Music, Arts, Physical Education and Health – Ikalawang Baitang Learner's Material.1st ed. Pasig City: Rex Bookstore, pp.225-228.

Catacutan, Marco A. , Igot, K.E. I., Pabilonan, F. P., and Ramilo R.V. 2013. Music, Arts, Physical Education and Health – Ikalawang Baitang Teacher's Guide. 1st ed. Pasig City: Rex Bookstore, pp.135-136.

Commons.deped.gov.ph. 2020. [online] Available at: <https://commons.deped.gov.ph/K-to-12-MELCS-with-CG-Codes.pdf>[Accessed 2 July 2020].

Ronaldo V. Ramilo et al, 2013 Music, Art, Physical Education and Health 2 – Ikalawang Baitang Curriculum Guide, pp.225-228

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph